# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 05, 2022, LUNES, IKA-9:25 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 28 SEP 2022

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME DATE 9/29/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 337-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY CALIOS, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 068-A-T2022 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 5-T2022 NA MAY HALAGANG P400,000.00 MULA SA NATIRA NOONG TAONG 2019-2021 NG 20% DEVELOPMENT FUND (SURPLUS 2019-2021) NA MAY KABUUANG HALAGANG P1,825,170.57 UPANG ILAAN PARA SA BUILDING AND OTHER STRUCTURE (P400,000.00) AT BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN (P1,425,170.57) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Calios na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 068-A-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 5-T2022 na may halagang P400,000.00 mula sa Natira ng taong 2019-2021 (Surplus 2019- 2021) na may kabuuang halagang P1,825,170.57 upang ilaan para sa Building and Other Structure (P400,000.00) at Balanseng Walang Pinaglalaanan (P1,425,170.57) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Mark Anthony P. Joven, at Kgg. Norman T. Tolentino at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay ng Calios, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 068-A-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 5-T2022 na may halagang P400,000.00 mula sa Natira ng taong 2019-2021 (Surplus 2019- 2021) na may kabuuang halagang P1,825,170.57 upang ilaan para sa Building and Other Structure (P400,000.00) at Balanseng Walang Pinaglalaanan (P1,425,170.57) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 05, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
9-22-22